JPEPA: DISKRIMINASYON LABAN SA FILIPINO NURSES

Ang *Japan-Philippines Economic Partnership Agreement* (JPEPA)[1] ay malaking disbentahe sa Pilipinas kung ang kaso ng ating *nurses* na gustong mag-*overseas Filipino workers* (OFW) ang pag-uusapan.

Napakahirap tuparin ng mga nag-aasam maging *nurse* sa Japan ng mga rekisito sa ilalim ng JPEPA. Ang magtutungo roon na *trainees o nursing aides* ay sasailalim sa sobrang *language at training requirements* na isang diskriminasyon laban sa *educational and professional qualifications* at *work experience* nila samantalang kinikilala silang kabilang sa pinakamahuhusay na *nurses* sa buong mundo.

Ang tanong nga ni Dr. Paquiz, Pangulo ng *Philippine Nursing Association* (PNA) kay *Health Secretary* Dr. Duque ay "Gusto nyo ba na pumunta kami ng Japan bilang *trainees* o *nursing aides* sa halip na *professional nurses*?" Dagdag dito, ang binanggit sa kasunduan ay sasagutin ng pamahalaang Hapon ang gastos para sa *Nihongo training* sa loob ng unang anim na buwan lamang at walang pagbanggit na sasagutin nito ang *OJT training fee* sa ospital.

Nakakapanglumo na mas maige pa ang *agreement* na pinirmahan ng Japan at Indonesia para sa Indonesian *nurses* na mas mababa ang *educational at professional qualifications* kaysa ating *nurses*. Ang ating *nurses* ay kailangang mayroong tatlong taong *work experience*, apat na taong *nursing education* at pasado sa *national licensure exam*. Samantala, ang Indonesian nurses ay kailangan lamang magkaroon ng dalawang taong *work experience*, tatlong taong *nursing education* at ni hindi kailangang pasado sa *national licensure exam*.

Makakapagpatuloy rin lang ang ating *nurses* roon maghanapbuhay bilang *nurse* kung sa loob ng tatlong taon ay maipasa nila ang *Board Examination* ng Japan sa Nihongo. Samantala, sa ilalim ng kasalukuyang *Immigration Act* ng Japan, ang mga Filipino *IT professionals* ay kinikilalang *professionals* kung maipasa nila ang *Fundamental Information Technology Engineer Examination* sa *Ingles*. Sa ilalim ng batas na ito rin, sila ay pinapayagang mag -*apply* para sa *working visa* samantalang ang mga *nurse* sa ilalim ng JPEPA ay maari lamang bigyan ng *special activity visa*.

Mas mahalaga pa, ang programang ito ay hindi nalalayo sa *trainee system* na pinatutupad ng Japan at nagreresulta at magreresulta sa diskriminasyon laban at pagsasamantala sa ating mga migranteng manggagawa. Bilang *trainee o nursing aide*, ang ating *nurses* ay tatanggap lamang ng *allowance* na di lalampas sa panimulang sahod na $1,364 bawat buwan na tinatanggap ng *Japanese nurse* aide at lalong di aabot sa $1,987 na siyang tinatanggap ng *Japanese nurse*.

[1] Pinirmahan ang JPEPA nina Pangulong Gloria Macapagal Arroyo at Japanese Prime Minister Junichiro Koizumi sa Helsinki noong Setyembre 9, 2006. Ayon sa mga international trade experts, isa siyang *mega-treaty* na pinaghalong *Bilateral Investment Treaty at Bilateral Free Trade Agreement*.

Samantala, ngayon pa lang ay maraming mga *nurse* ng Japan kasama ang *Japanese Nursing Association* ang nagsasabing hindi dapat pumunta ang mga Pilipino doon bilang *trainees* sapagkat sa katotohanan sila ay magiging katumbas ng "*cheap nurses*" na babangga sa kanilang paghikayat sa 550,000 Japanese nurses na isapraktika ang kanilang propesyon. Tinitingnan nila ang pagpasok ng Pilipino doon bilang *nursing aides* ay magpapa-atras kundi man magpapasawalang kabuluhan ng kanilang mga pakikibaka para sa mas mataas na sweldo, mas magagandang benepisyo, mas mahusay na kondisyon sa paggawa at mas mataas na pagkilala sa kanilang propesyon. Sapagkat mababawasan ang pangangailangan sa kanila ng kanilang sector pangkalusugan.

Kahimat may binabanggit ang DOLE na mayroong Memo na siyang sasagot sa mga sinaad na agam-agam at magpapabuti ng JPEPA, ang tanong ay bakit hindi ipinaloob ang mga ganitong kaayusan sa loob ng kasunduan o kaya ay bilang *annex* bago pa man ito pinirmahan? Bakit hindi nilagay ng pamahalaan ang magagandang probisyon ng sistema ng pagpapadala ng *nurse* sa Britanya halimbawa?

Anong klaseng pamahalaan meron tayo na magsasabing asahan natin ang komitment at pangako ng Japan na tatratuhin sila bilang *professional nurse*?

"*Hope is not a strategy*" ayon sa *Magkaisa Junk JPEPA Coalition*. Paanong aasa tayo sa komitment o mga pangako ng Japan na di mo siya kakitaan ng *historical* na kakayahang tuparin ang kanyang mga komitment at pangako halimbawa sa usapin ng *comfort women*?

Bakit tayo nagmamadaling ipasa itong JPEPA samantalang apat na raang (400) *nurses* at anim na raang (600) *caregivers* lang ang papayagang pumasok sa Japan sa susunod na dalawang taon? Laluna't nagrekomenda na ang *Expert Committee for Labor Market Reform* ng Japan na makababuting tumanggap ng *foreign nurses, caregivers at domestic workers* batay sa simpleng katotohanang kulang ang kanilang *health workers* upang pangalagaan ang kanyang tumatandang lipunan (*ageing society*). Laluna't maraming *Japanese nurses* ay umiiwas sa ganitong hanap-buhay na di mahusay ang kondisyong paggawa?

Ang sistema sa ilalim ng JPEPA ay di umaabot sa mga legal na *standard* para sa pagsusulong ng mga karapatan ng manggagawang migrante na nakapaloob sa *International Convention of the Rights of All Migrant Workers and Members of Their Families* gayundin ng *Section 4* ng *Republic Act No. 8042.* (Itong nahuli, ang *Migrant Workers' Act of 1995*, ang nagsasaad ng criteria kung saang mga bansa maaring magpadala ng manggagawa ang Pilipinas.)

Dagdag pa, hindi nagsusulong ng karapatan ng mga Pilipino sa pag-unlad (*right to development*) ang JPEPA. Ang paghahanapbuhay sa ibang bansa ay dapat na batay sa sariling desisyon ng manggagawa - desisyong dapat na nakaangkla sa sapat na kaalaman - o *informed free choice.*

Halimbawa ay matutukso ang ating mga *nurse* na humayo sa Japan kahit bilang *trainee o nursing aide* o kahit bilang *caregiver* sapagkat *allowance* man ang tanggapin nila ay mataas pa rin ito kaysa maari nilang tanggapin dito sa Pilipinas bilang *nurse*.

Dapat nilang malaman na ang *average cost of living* doon ay $851 kada buwan at aabot ng $1000 kung sa Tokyo kayat ang maaring maipadala nila sa kanilang mga pamilyang maiiwan sa Pilipinas ay singbaba ng *remittance* ng *domestic worker* na karaniwan naman ay mayroong *free room at board*.

Maari lang makamit ang *right to development* kung ang karapatang pag-unlad sa loob ng bansang Pilipinas ay nasasagot kasabay ng pangangalaga at pagsusulong ng mga karapatan at kapakanan ng mga migranteng manggagawa at kanilang mga pamilya.

Ang pagsusulong ng paghahanapbuhay sa labas ng bansa nang walang kaalinsabay na pangangalaga ng mga karapatan ng manggagawang migrante batay sa *international law at standards* at pagsusulong ng karapatan ng mamamayang Pilipino sa sariling pag-unlad ay di magdudulot ng pakinabang sa mga mamamayan.

Walang dudang ang *brain drain*, laluna sa sektor pangkalusugan, ay disbentahe sa Pilipinas kung ang karapatan sa pag-unlad ay di sinasagot. Mas maige pa ang Japanese Nursing Association na nagpahayag ng agam-agam sa maaring epekto ng JPEPA sa sector pangkalusugan ng Pilipinas.

Subalit di nakapagtatakang nagmamadali ang ating pamahalaang suungin ang disbentaheng ito sapagkat ang estratehiya nito ay i-*export* ang ating mga *nurse* kahit bilang *trainees, nursing aides o caregiver*. Sapagkat bigo ang pamahalaan at wala siyang matino at realistikong planong ayusin ang pagpapa-unlad ng ating sektor pangkalusugan nang makapaghanapbuhay ang mga *nurse* nang sapat. Kaya nga ba't hinahayaang magsipagtayuan ang mga *nursing school* na parang kabute kahit pa man parang mga *diploma mill* ang mga ito na kulang sa kalidad ang mga *graduates* at kahit sobra-sobra na ang ating nursing graduates na pagkuwa'y walang makuhang disenteng trabaho.

Sa ganitong konteksto, ang JPEPA sa kanyang kasalukuyang anyo ay di makakatulong sa pangangalaga at pagsusulong ng mga karapatan ng migranteng manggagawang Pilipino. Di rin nito isusulong ang karapatan sa pag-unlad ng mamamayan. Sa mga kadahilanang ito, nakiki-isa ang Center for Migrants Advocacy Philippines sa pananawagan ng *Magkaisa Junk JPEPA Coalition* na "Ibasura ang JPEPA!" sa halip ay muling makipag-*bilateral talks* ang pamahalaan ng Pilipinas sa pamahalaan ng Japan upang magkaroon ng progresibong *bilateral labor agreement* na gumagalang, nagtatanggol at nagsusulong ng mga karapatan at kapakanan ng manggagawang migranteng Pilipino gayundin ng manggagawang Hapones at **pantay** na pakikinabangan ng dalawang bansa.

References:
Atty. Henry Rojas, Reflections on JPEPA, June 6, 2007
15 Reasons against JPEPA, September 19, 2007. *Magkaisa Junk JPEPA* blogsite. http://junkjpepa.blogspot.com/

Alecks Pabico. JPEPA to encourage trade in hazardous and toxic waste. *Inside PCIJ*. http://www.pcij.org/blog/?p=1264
Shinji Yamada. Primer on the JPEPA
Japanese Nursing Association. News Release. September 12, 2006. (Translated by: Shinji Yamada)